# Modyul 6
# Ang Baguntaong Nakagapos



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Mahal kong estudyante, nakarating ka na ba sa isang madilim na gubat na hindi halos mapasok ng sikat ng araw? Ano kaya ang mararamdaman mo kung igapos ka sa gubat na tahanan ng iba't ibang uri ng mababangis na hayop?

Tuklasin mo ang naramdaman ng isang makisig na baguntao, o kabataang lalaki, nang igapos siya sa gubat. Sino kaya ang nag-isip ng kasamaang ito sa kanya? At bakit? Sasagutin sa modyul na ito ang mga tanong na iyan.

Pag-aaralan mo sa modyul na ito ang unang bahagi ng ***Florante at Laura***, ang itinuturing na pinakapopular na ***awit***. Ano bang awit ito? Hindi ito iyong inihuhuni mo ang tono o kinakanta kaya. Pero tama ka, kinakanta rin ang awit na tinutukoy rito.

Ang awit ay mahabang tulang pasalaysay tungkol sa pakikipagsapalaran at kabayanihan na ang karaniwang mga tauhan ay mga prinsipe't prinsesa at mga mahal na tao. Ngunit di tulad ng ***korido***, na pinag-aralan mo nang Unang Taon ng Mataas na Paaralan, ang pakikipagsapalaran ng bayani sa isang awit ay maaaring maganap sa tunay na buhay.




## Ano ang matututunan mo?


Ang unang bahagi ng ***Florante at Laura*** ang magiging daluyan ng mga kasanayang inaasahang matatamo sa modyul na ito.

Inaasahang matututuhan mo sa modyul na ito na makilala kung ano ang ***awit*** at masuri ang akdang pinag-aaralan batay sa mga katangian ng isang awit. Narito ang mga tiyak na kasanayang inaasahang matatamo sa modyul:

1. Nasusuri ang awit batay sa pagkakabuo nito
    - estruktura
    - mga bahagi
    - tauhan, tagpuan at banghay

2. Nakapagpapahayag ng pansariling pananaw tungkol sa pagkakabuo ng akda ayon sa tatlong bahagi ng isang awit
3. Nakapagpapahayag ng pagsang-ayon at pagsalungat sa mga ideang may kinalaman sa tauhan, tagpuan at banghay ng awit
4. Nasusuri ang mga pangyayari sa awit batay sa:
    - kaugnayan sa sariling karanasan
    - mga suliranin at solusyon
    - sariling paglalagom
    - sariling interpretasyon

Mahirap ba? Hindi. Kayang-kaya mo basta't hakbang-hakbang mong susundan ang bawat bahagi ng modyul.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Tulad ng sinabi ko sa iyo, kaibigan, maraming ihahandog na mga bagong kaalaman sa iyo ang modyul na ito. Magiging madali at matagumpay ang paggamit mo nito kung susundin mo ang mga tuntunin sa ibaba na magsisilbing gabay mo sa iyong pag-aaral. Basahin mo ang mga ito at unawaing mabuti.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot mo sa mga pagsusulit.

2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang *Panimulang Pagsusulit*. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.

3. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto, ha? Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mng mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutuhan mo ang aralin. Kunin mong muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.
6. Bigyang halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Nakabasa ka na ba ng tungkol sa ***Florante at Laura***? Nasa ibaba ang ilang tanong para mataya kung ano na ang alam mo sa ngayon kaugnay ng nilalaman ng modyul na ito. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

A. Isulat ang **T** kung ***tama*** ang pangungusap at **M** naman kung ***mali***.

1. Ang awit ay mahabang tulang pasalaysay, may sukat at tugma, at ang mga pangyayari ay imposibleng maganap sa tunay na buhay.
2. Ang ***Florante at Laura*** ay itinuturing na pinakapopular na awit.
3. Ang awtor ng ***Florante at Laura*** ay si Francisco Balagtas.
4. Si Florante ang pangunahing tauhan sa akdang nabanggit sa Blg. 3.
5. Siya rin ang baguntaong nakagapos na binanggit sa pamagat ng modyul na ito.
6. Ang awit, halimbawa'y ang ***Florante at Laura***, ay sadyang para awitin sa mga tanging pagtitipon.
7. Maiuugnay pa rin sa kasalukuyang panahon ang mga pangyayaring isinalaysay ni Balagtas sa kanyang akda bagama't sinulat ito halos 200 taon na ang nakararaan.
8. Isang interpretasyon lamang ng akdang pampanitikan ang tama at tinatanggap.
9. Ang estruktura ng awit ay ang anyo o porma nito kaya ang tinutukoy ay ang bilang ng pantig sa bawat taludtod at bilang ng taludtod sa bawat saknong.
10. Dahil tulang pasalaysay, ang awit ay may tauhan, tagpuan at banghay.
11. Laging masaya ang simula ng awit at malungkot naman ang wakas.
12. Ang pangunahing tauhan sa ***Florante at Laura*** ay isang Pilipino.
13. Ang kanyang buhok ay kulay-ginto.
14. Ang akda ni Balagtas ay inihandog niya sa Birhen.
15. Noong panahon ni Balagtas, may mga prayleng sensor na naghihigpit sa uri ng panitikang sinusulat at binabasa ng mga tao.
16. Walang kalayaan sa pagsasalita nang panahong iyon, lalo na kung kontra sa mga Kastila.
17. Ang gubat na inilarawan sa ***Florante at Laura*** ay likha lamang ng imahinasyon ng makata.
18. Sa tagpuang ito, pinagsama ng makata ang mga bagay na bunga ng imahinasyon niya at ang mga tauhan at lugar mula sa mitolohiyang Griyego.
19. Hindi kronolohikal ang pagsasalaysay sa isang awit, o di ayon sa kung alin ang unang naganap.
20. Ang ***Florante at Laura*** ay nagsisimula sa puntong masaya at matagumpay ang pangunahing tauhan.

B. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot sa mga tanong.

1. Ilang pantig ang bumubuo sa bawat taludtod ng ***Florante at Laura***?
   a. 8　　b. 12　　c. 16
2. Ilang taludtod o linya ng tula ang bumubuo sa bawat saknong ng ***Florante at Laura***?

a. 4 b. 6 c. 3

3. Aling mga taludtod ang magkakatugma sa bawat saknong ng ***Florante at Laura***?
   a. una at pangatlong taludtod b. lahat ng apat na taludtod
   c. una at huling taludtod
4. Sa taludtod na may 12, karaniwang may cesura o sandaling tigil sa:
   a. ika-6 at ika-12 pantig b. ika-5 at ika-11 pantig c. ika-4 at ika-12 pantig
5 Aling dalawang salita sa ibaba ang magkatugma?
   a. dusa b. dalita c. dakila
6. Paano binibigkas ang mga letra noong panahon ni Balagtas?
   a. pa-Kastila b. pa-Ingles c. pa-Tagalog
7. Paano binibigkas noong panahon ni Balagtas ang inisyal ng makata na ***F. B***.?
   a. /efe-be-e/ b. /ef-bi/ c. fa-ba
8. Ang salitang ***baguntao*** ay nangangahulugang
   a. binata b. dalaga c. balo
9. May hiling ang makata sa kanyang mga mambabasa at ito ay:
   a. huwag baguhin ang berso b. huwag tawanan ang tula
   c. huwag pakamahalin ang tula
10. Sa pagsisimula ng tula, ang inilarawang tagpuan ay lumikha ng atmospera ng
   a. lungkot b. ligaya c. away
11. Sa unang taludtod ay binanggit ang dalawang salitang naglalarawan ng gubat. Ang mga salitang ito ay ***madilim*** at
   a. mapanglaw b. makasaysayan c. mapanganib
12. Ang ***Florante at Laura*** ay inihandog ng makata kay:
   a. Delia b. Nelia c. Celia
13. Ang inisyal ng babaeng pinaghandugan ni Balagtas ay:
   a. M.A. R. b. M. A. D. c. M. A. T.
14. Ang pag-iibigan ng makata at ng dalagang ito ay nauwi sa:
   a. kasalan b. paghihiwalay c. tampuhan
15. Dahil sa sinapit ng kanilang pag-iibigan, ang makata ay natutong:
   a. tumula b. maglasing c. mang-away

C. Mahalaga sa tamang bigkas at pagpapakahulugan ang cesura o sandaling tigil. Basahin ang mga piling taludtod sa ibaba at piliin kung alin sa (a) o (b) ang may tamang cesura o sandaling tigil:

**S55 T1-2**

a. Halina, Laura ko't/ aking kailangan/
ngayon, ang lingap mo/ nang naunang araw//

b. Halina, Laura ko't/ aking kailangan
ngayon/, ang lingap mo/ nang naunang araw//

**S65 T1-2**

a. Ito'y siyang una/ sa lahat ng hirap,/
pagdaya ni Laura/ ang kumakamandag/

b. Ito'y siyang una/ sa lahat ng hirap,
pagdaya ni Laura/ ang kumakamandag/

**S75 T3-4**

a. na nakikitono/ sa himig mapanglaw/
ng panggabing ibong/ doo'y nagtatahan.//

b. na nakikitono sa/ himig mapanglaw
ng panggabing ibong/ doo'y nagtatahan.//

D. Sang-ayon ka o di sang-ayon? Isulat sa iyong sagutang papel ang bilang ng iyong sagot. Nasa ibaba ang katumbas ng mga bilang:

*1. Hinding-hindi sang-ayon*
*2. Hindi sang-ayon*
*3. Di tiyak*
*4. Sang-ayon*
*5. Lubos na sang-ayon*

a. Nakagaganda sa tula ang sukat at tugma.
b. Angkop sa isang akda ang malungkot na simula na may masayang wakas.
c. Nakawiwiling basahin ang di kronolohikal na salaysay.
d. Higit na nakaaakit ang mga tauhang prinsipe at prinsesa kaysa mga karaniwang tao.
e. Kaakit-akit sa mambabasa ang tagpuang likha lamang ng imahinasyon.
f. Tama lamang na hilingin ng makata na huwag baguhin ang kanyang berso.
g. Kawili-wiling basahin ang salaysay na nagpapakitang nakaharap sa problema ang pangunahing tauhan.

E. Basahin ang mga piling saknong sa ibaba. Sagutin ang mga tanong.

(a) "Halina, irog ko't ang damit ko'y tingnan,
ang hindi mo ibig dapyuhang kalawang;
kalagin ang lubid at iyong bihisan,
matinding dusa ko'y nang gumaan-gaan. (S58)

1. Ang di ibig dapyuhan ng kalawang ay ____
a. damit b. irog c. lubid

2. Gagaan-gaan daw ang dusa kung
a. kakalagin ang lubid c.aalisin ang kalawang sa damit
b. titingnan ang damit

(b) "Ang mga mata mo'y kung iyong ititig
dini sa anyo kong sakdalan ng sakit,
upanding mapigil ang takbong mabilis
niring abang buhay sa ikapapatid."(S59)

3. Ang hinihingi ng nagsasalita ay _____
    a. titig ng kinakausap    b. ikapapatid ng buhay niya
    c. pigilin ang pagtakbo

4. Kapag natitigan siya ng kinakausap, mapipigil ang ____
    a. ikapapatid ng buhay    b. takbo ng buhay
    c. sakit ng katawan

F. Maiuugnay pa kaya sa kasalukuyan ang mga pangyayaring inilarawan niBalagtas? Piliin ang mga saknong sa ibaba na mailalapat sa mga sitwasyong ito. Isulat sa sagutang papel ang letra ng sitwasyon at ang bilang ng saknong.

***Mga sitwasyon***

a. Nangungulila si Cynthia sa ina niyang nasa ibang bansa. Nang magkasakit siya, pakiramdam niya'y mamamatay na siya at ang pagdating lamang ng ina niya ang makapagpapagaling sa kanya.

b. Pinagsasamantalahan ng mga panginoong maylupa ang mga kasama sa bukid. Naghahari sa asyenda ang kasamaan ng mga maysalapi. Wala nang magawa ang mga magbubukid kundi magtiis at magdasal.

c. Natukso si Daniel na mandaya sa eksamen upang siya ang makakuha ng pinakamataas na marka. Nagkamit siya ng medalya nang tanghaling pinakamahusay sa klase. Ngunit naglaho ang lahat nang matuklasan ang pandaraya niya.

d. Dinasalan na ni Piolo ang lahat ng santo mapaibig lamang ang kaklase niyang si Myla. Ngunit waring bingi ang langit sa kanyang mga panalangin at ang pinapaboran pa ay ang karibal niya.

***Mga saknong***

S13 "Mahiganting langit, bangis mo'y nasaan,
ngayo'y naniniig sa pagkagulaylay,
bago'y ang bandila ng lalong kasam-an,
sa Reynong Albanya'y iwinawagayway.

S19 O taksil na pita sa yama't mataas!
O hangad sa puring hanging lumilipas!
Ikaw ang dahilan ng kasam-ang lahat,
at niring nasapit na kahabag-habag. (S19)

S23 "Bakit kalangita'y bingi ka sa akin
ang tapat kong luhog ay hindi mo dinggin?
Diyata't sa isang alipusta't iring
sampong tainga mo'y ipinangunguling?(S23)

S60 “Wala na, Laura, ikaw na nga lamang
ang makalulunas niring kahirapan;
damhin ng kamay mo ang aking katawan
at bangkay man ako’y muling mabubuhay!” (S60)

Mahal kong estudyante, kung tapos mo nang sagutan ito, kunin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto nang maayos at tapat ang iyong papel. Ano ang nakuha mong marka? Kung nakakuha ka ng **48** pataas, di mo na kailangang pag-aralan ang modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

Pero kung wala pang **48** ang nasagutan mo nang tama, kailangan mo ang modyul na ito.

# Mga Gawain sa Pagkatuto

## Sub-Aralin 1

### Estruktura, Mga Bahagi, Tauhan, Tagpuan at Banghay

***Layunin***: Pagkatapos mo ng sub-araling ito, inaasahang nakikilala mo kung ano ang ***awit*** at nasusuri ang akdang pinag-aaralan batay sa mga tiyak na katangian ng isang awit. Narito ang mga tiyak na kasanayang inaasahang matatamo:

1. Nasusuri ang awit batay sa pagkakabuo nito
   - estruktura
   - mga bahagi
   - tauhan, tagpuan at banghay

2. Nakapagpapahayag ng pansariling pananaw tungkol sa pagkakabuo ng akda ayon sa tatlong bahagi ng isang awit

3. Nakapagpapahayag ng pagsang-ayon at pagsalungat sa mga ideang may kinalaman sa tauhan, tagpuan at banghay ng awit

**Alamin**

Alam mo ba kung ano ang ***awit***? Mangyari pa, oo ang isasagot mo. Teka muna, ang awit na tinutukoy rito ay hindi iyong kanta o ***song*** sa Ingles na inaawit ninyong magkakabarkada kapag nagkakatuwaan, o iyong sinasabayan mo sa karaoke/videoke.

Ngunit tama ka. Ang awit na tinutukoy sa modyul na ito ay kinakanta rin. Sa mga tanging pagtitipon ng mga mahal na tao noong panahon ng pananakop ng mga Kastila, may isang makatang nagkukwento ng mga pakikipagsapalaran ng mga prinsipe at prinsesa, duke at dukesa at iba pang mga kauri nila. May tono ang kanyang salaysay, hindi simpleng pagkukwento. Kaya tinawag na awit ang kanyang salaysay.

Samakatwid, ang awit ay mahabang tulang pasalaysay tungkol sa pakikipagsapalaran at kabayanihan na ang karaniwang mga tauhan ay mga prinsipe't prinsesa at mga mahal na tao. Ngunit di tulad ng ***koridong Ibong Adarna***, na pinag-aralan mo nang Unang Taon ng Mataas na Paaralan, ang pakikipagsapalaran ng bayani sa isang awit ay maaaring maganap sa tunay na buhay. Ang ibig sabihin nito, ang mga pangyayari ay hindi mga kababalaghan o magaganap lamang sa imahinasyon

Ang awit ay karaniwang nagsisimula sa isang paghahandog. Ang ***Florante at Laura*** ay inihandog ni Balagtas sa isang dalagang tinawag niyang "Celia." Basahin ang paghahandog ng makata sa dalaga.

***Kay Celia***

**1** Kung pagsaulan kong basahin sa isip
ang nangakaraang araw ng pag-ibig,
may mahahagilap kayang natitik
liban na kay Celiang namugad sa dibdib?

**2** Yaong Celiang laging pinanganganibang
baka makalimot sa pag-iibigan
ang ikinalubog niring kapalaran
sa lubhang malalim na karalitaan.

Anong karalitaan ang sinasabi ng makata? Hindi ito paghihirap ng bulsa, kundi paghihirap ng kalooban.

**3** Makaligtaan ko kayang di basahin
nagdaang panahon ng suyuan namin,
kaniyang pagsintang ginugol sa akin
at pinuhunan kong pagod at hilahil?

**4** Lumipas ang araw na lubhang matamis
at walang natira kundi ang pag-ibig,
tapat na pagsuyong lalagi sa dibdib,
hanggang sa libingan bangkay ko'y maidlip.

**5** Ngayong namamanglaw sa pangungulila,
ang ginagawa kong pang-aliw sa dusa,
nagdaang panaho'y inaalaala
sa iyong larawa'y ninitang ginhawa.

Paano raw inaaliw ng makata ang sarili kapag nalulungkot siya? Ang pang-aliw niya sa dusa ay ang larawan ng dalaga, di ba? Ikaw naman, kapag nalulungkot ka, ano ang binabalikan mo sa alaala?

**6** Sa larawang guhit ng sa sintang pinsel
kusang inilimbag sa puso't panimdim,
nag-iisang sanglang naiwan sa akin
at di mananakaw magpahanggang libing.

Totoo bang litrato itong larawang sinasabi rito? Nahulaan mo ba? Ito ay larawang nakaukit sa puso ng makata.

**7** Ang kaluluwa ko'y kusang dumadalaw
sa lansanga't nayong iyong niyapakan,
sa ilog Beata't Hilom na mababaw
yaring aking puso'y laging lumiligaw.

Saan matatagpuan ang Beata? Tama, sa Maynila. Tumira kasi si Balagtas sa Pandacan, Maynila, at doon niya nakilala ang isang dalagang pinaghandugan niya ng tula, na tinawag niyang Celia sa kanyang obrang ***Florante at Laura***.

**11** Nagbabalik mandi't parang hinaharap
dito ang panahong masayang lumipas
na kung maliligo'y sa tubig aagap
nang hindi abutin ng tabsing sa dagat.

**12** Parang naririnig ang lagi mong wika:
"tatlong araw na di nagtatanaw-tama,"
at sinasagot ko ng sabing may tuwa,
"sa isa katao'y marami ang handa."

**13** Ano pa nga't walang di nasisiyasat
ang pag-iisip ko sa tuwang lumipas,
sa kagugunita, luha'y lalagaslas,
sabay ang taghoy kong "O, nasawing palad!"

Ano ang nangyayari sa makata kapag naaalala ang masayang lumipas? Oo, lumuluha siya. Aling bahagi ng Saknong 13 ang nagsasaad nito? Tama, ang ikatlong taludtod o linya.

Lalaking lumuluha? Sa ating lipunan, ano ang tingin sa isang lalaking lumuluha? At hindi ito simpleng pagluha, sapagkat ayon pa rin sa makata, “sa kagugunita, luha’y lalagaslas” (S13 T3). Napakaraming luha ang pumapatak, samakatwid.

**14** Nasaan si Celiang ligaya ng dibdib?
ang suyuan nami’y bakit di lumawig?
nahan ang panahong isa niyang titig
ang siyang buhay ko, kaluluwa’t langit?

Ano kaya ang nangyari sa kanilang pag-iibigan? May ibinigay bang dahilan ang makata kung bakit sila nagkahiwalay? Wala. Pero makapagbibigay ka ba ng mga posibleng dahilan? Siguro, tutol ang mga magulang ng dalaga. Maaaring napakasal si Celia sa ibang lalaki, di ba?

**15** Bakit baga noong kami’y maghiwalay
ay di pa nakitil yaring abang buhay?
Kung gunitain ka’y aking kamatayan,
sa puso ko, Celia’y di ka mapaparam.

Nagkalayo man sila, ano ang sabi ng makata? Hindi raw mawawala sa puso niya si Celia. Aling taludtod ng Saknong 15 ang nagsasaad nito? Tama, ang pang-apat na taludtod.

**16** Itong di matiis na pagdaralita
nang dahil sa iyo, O! nalayong tuwa,
ang siyang umakay na ako’y tumula,
awitin ang buhay ng isang naaba.

Dahil nagkalayo sila, natutong tumula ang makata upang isalaysay ang kanyang aping buhay. Ikaw, kapag nalulungkot ka, sumusulat ka rin ba ng mga berso?

**18** Ito’y unang bukal ng bait kong kutad
na inihahandog sa mahal mong yapak,
tanggapin mo nawa kahit walang lasap,
nagbuhat sa puso ng lingkod na tapat.

**19** Kung kasadlakan man ng pula’t pag-ayop,
tubo ko’y dakila sa puhunang pagod,
kung binabasa mo’y isa mang himutok
ay alalahanin yaring naghahandog.

**20** Masasayang *Ninfas*[1] sa lawa ng Bai
*sirenas*[2], ang tinig ay kawili-wili,
kayo ngayo'y siyang pinipintakasi
ng lubhang mapanglaw na *Musa*[3] kong imbi.

**21** Ahon sa dalata't pampang na nagligid
tonohan ng lira yaring abang awit,
na nagsasalitang buhay ma'y mapatid
tapat na pagsinta'y hangad na lumawig.

Sino ang tinatawag ng makata na umahon sa pampang? Tama, ang mga ninfa (o nimpa). Ito ay mga diwata, o mga engkantadang dilag.

**22** Ikaw na bulaklak niring dili-dili
Celiang sagisag mo'y ang M.A.R.
sa Birheng mag-ina'y ipamintakasi
ang tapat mong lingkod na si F.B.

Ang dalagang tinawag na Celia ay may mga inisyal na M.A.R. samantalang ang makata naman ay F.B. ang inisyal.

Mayroon ding hiling ang makata sa mga babasa ng kanyang tula. Naririto ang bilin niya sa mga mambabasa.

***Sa Babasa Nito***

**1** Salamat sa iyo, O nanasang irog
kung halagahan mo itong aking pagod,
ang tula ma'y bukal ng bait na kapos,
pakikinabangan ng ibig tumarok.

**2** Kung sa biglang tingi'y bubot at masaklap
palibhasa'y hilaw at mura ang balat,
ngunit kung namnamin ang sa lamang lasap,
masasarapan din ang babasang pantas.

**3** Di ko hinihinging pakamahalin mo
tawana't dustain ang abang tula ko,
gawin ang ibigi't alpa'y nasa iyo,
ay huwag mo lamang baguhin ang berso.

[1] *Ninfas* – Mga ninfa sa mitolohiyang Griyego at Romano; tumutukoy sa isang pulutong ng mga bathaluman ng kalikasan na kinakatawan ng magagandang diwatang nananahan sa mga ilog; mga batis, mga bundok, mga punungkahoy, atb.
[2] *Sirenas* – Mga ninfang dagat na ayon sa mitolohiyang Griyego at Romano ay pinagkakamatayan ng mga marinero o mandaragat sa mga batuhang baybayin pagkatapos tuksuhin ng kanilang nakararahuyong pag-awit.
[3] *Musa* – Alinman sa siyam na bathaluman o diyosa ng mitolohiyang Griyego na namamahala sa panitikan, mga sining, at mga agham; ang espiritu o diwang pumupukaw sa salagimsim o inspirasyon ng isang makata o alagad ng sining.

**4** Kung sa pagbasa mo'y may tulang malabo,
bago mo hatulang katkatin at liko
pasuriin muna ang luwasa't hulo
at makikilalang malinaw at wasto.

**5** Ang may tandang letra alinmang talata
di mo mawatasa't malalim na wika,
ang mata'y itingin sa dakong ibaba,
buong kahuluga'y mapag-uunawa.

**6** Hanggang dito ako, O nanasang pantas
sa kay Sigesmundo'y huwag din matulad
sa gayong katamis wikang masasarap,
ay sa kababago ng tula'y umalat.

Ano ang mga bilin ng makata? Dalawa ang kanyang bilin: a) huwag baguhin ang berso; b) kung may malabong bahagi, tingnan ang ibaba, dahil may mga talababang nagpapaliwanag sa malalim na salita.

Sa palagay mo, bakit ayaw niyang ipabago ang berso?

Ngayon, handa ka na bang basahin ang mga piling saknong mula sa awit na pinag-aaralan?

Bago mo basahin ang mga saknong, narito muna ang buod ng unang bahagi ng ***Florante at Laura***.

*Nagsisimula sa isang paghahandog ang awit, sa isang dalagang tinawag ng makata na Celia. Ang makata ay mayroon ding mga bilin sa mga mambabasa.*

*Ang tagpuan ay isang madilim, mapanglaw at madawag na gubat, na sa gitna ay nakagapos sa isang punong higera ang isang baguntao, o kabataang lalaki. Guwapo ang lalaki, makinis ang balat at kulay-ginto ang buhok. Umiiyak ang baguntao dahil sa mga nangyayari sa kanyang bayang Albanya. Naghahari ang kalupitan ni Konde Adolfo dahil sa paghahangad nito sa korona ng hari. Naalala ng lalaki ang pag-aasikaso sa kanya ng kasintahang si Laura, na baka naagaw na ni Adolfo.*

Narito ang mga piling saknong mula sa ***Florante at Laura***. Subukin mong basahing malakas, kahit nag-iisa ka. Pakinggan mo ang musika ng tula.

**1** Sa isang madilim *gubat*[4] na mapanglaw
dawag na matinik ay walang pagitan,
halos naghihirap ang kay *Febong*[5] silang
dumalaw sa loob ng lubhang masukal.

**2** Malalaking kahoy ang inihahandog,
pawang dalamhati, kahapisa't lungkot,
huni pa ng ibon ay nakalulunos,
sa lalong matimpi't nagsasayang loob.

**3** Tanang mga baging na namimilipit
sa sanga ng kahoy ay balot ng tinik,
may bulo ang bunga't nagbibigay-sakit
sa kangino pa mang sumagi't malapit.

**4** Ang mga bulaklak ng nagtayong kahoy,
pinakapamuting nag-ungos sa dahon,
pawang kulay-luksa at nakikiayon
sa nakaliliyong masangsang na amoy.

**5** Karamiha'y *cipres*[6] at *higerang*[7] kutad
na ang lilim niyon ay nakasisindak
ito'y walang bunga't daho'y malalapad
na nakadidilim sa loob ng gubat.

**6** Ang mga hayop pang dito'y gumagala,
karamiha'y s'yerpe't basilisko'y madla
h'yena't tigreng ganid na nagsisisila
ng buhay ng tao't daiging kapuwa.

**7** Ito'y gubat manding sa pinto'y malapit
ng *Avernong*[8] reyno ni *Plutong*[9] masungit,
ang nasasakupang lupa'y dinidilig
ng *Ilog Cocitong*[10] kamandag ang tubig.

---

[4] *Gubat* – Ang tinutukoy dito'y ang gubat na nasa labas ng Lungsod Epiro na nasa tabi ng Ilog Cocito.
[5] *Febo* – Sa planeta o buntalang Araw ay ito ang itinataguri ng mga makatang Latino at Griyego.
[6] *Cipres* – Isang uri ng punungkahoy sa bundok; tuwid, malaki, at malilim ang mga sanga'y paitaas na lahat ang ayos, kaya't hugis-puso ang buong anyo. Noong unang panahon karaniwan nang ang mga tao'y nagtitirik ng mayayabong na mga sanga nito sa libingan ng kanilang yumaong mga mahal sa buhay, kaya't tinagurian itong *punungkahoy ng mga patay*.
[7] *Higuera* (higera o igo) – Ito'y isa ring mayabong na punungkahoy na malalapad ang mga dahon. Sapagkat kutad ang dito'y binabanggit ni Balagtas, nangangahulugang ang mga punong tinutukoy ay para-parang baog o hindi namumunga.
[8] *Averno* – Impiyerno.
[9] *Pluto* – Isa sa mga diyoses ng mga Gentil, hari sa impiyerno.
[10] *Cocito* – Ilog sa Epiro, rehiyon ng Albanya, na sinasabing isa sa mga apat na ilog sa impiyerno, kaya kamandag ang tubig nito

**8** Sa may gitna nitong mapanglaw na gubat
may punong higerang daho'y kulay-pupas;
dito nagagapos ang kahabag-habag,
isang pinag-usig ng masamang palad.

**9** Baguntaong basal ang anyo at tindig,
kahit natatali, kamay, paa't leeg,
kundi si *Narciso'y*[11] tunay na *Adonis*,[12]
mukha'y sumisilang sa gitna ng sakit.

**10** Makinis ang balat at anaki'y burok,
pilikmata't kilay, mistulang balantok.
bagong sapong ginto ang kulay ng buhok,
sangkap ng katawa'y pawang magkaayos.

**11** Dangan doo'y walang *oreadas ninfas*,[13]
gubat na palasyo ng masidhing *Harpias*[14]
nangaawa disi't naakay lumiyag
sa himalang tipon ng karikta't hirap.

**Linangin**

Binasa mo bang malakas ang mga saknong, kahit nag-iisa ka? Narinig mo ba ang musika ng tula, ang musika ng mga salita? Mas maganda kung nilapatan mo rin ng mabagal na himig, kung inawit mo ang mga taludtod.

Ano itong "musika ng mga salita"? May tugmaan kasi ang huling salita ng mga taludtod o linya ng tula kaya maganda sa pandinig. May indayog din, o ritmo, tulad ng awit na kilala mo. At gaya ng nasabi na, ang isang awit, tulad ng ***Florante at Laura***, ay sadyang para awitin. Ang tono nito ay mabagal o iyong tinatawag na ***andante***.

May iba pa bang katangian ang awit? Iyon ang tatalakayin sa bahaging ito: ang (a) estruktura, (b) mga bahagi at (c) tauhan, tagpuan at banghay ng awit.

---

[11] *Narciso* – Isang baguntaong sadyang makisig, anak nina Cefecino at Lipore, sininta ng madlang Ninfas, ngunit siniphayong lahat ni Narciso.
[12] Adonis – Baguntaong sakdal ang kagandahan, anak sa ligaw ni Ginirro na hari sa Chipre, anak kay Mirrahang anak din niya, sininta rin ng Diyosa Venus at pinatay ng isang pagil.
[13] *Oreadas ninfas* – Mga diyosa sa gubat na sinasamba ng mga Gentil ng una, magaganda at malalamig ang mga tinig.
[14] *Harpias`* – Mababangis na diyosa ng mga Gentil, ang tahana'y mga islang ngala'y Estofadas, at sa gubat sa tabi ng ilog ng Cocito, ang katawan ay parang ibon, mukhang dalaga, baluktot ang mga kamay, ang kuko'y matutulis, pakpak-paniki at nakamamatay ang baho ng hininga.

### *1. Estruktura ng awit*

Ang ***estruktura*** ay ang porma o anyo ng awit. Pansinin mo ang binasang mga saknong. Ilang taludtod o linya sa bawat saknong? Apat, hindi ba? At bawat taludtod ay may tiyak na bilang ng pantig. Bilangin mo nga ang mga pantig sa bawat taludtod. Ilan ang nabilang mo? Labindalawa, di ba? Labindalawang pantig ang bumubuo sa bawat taludtod, at may apat na taludtod naman sa bawat saknong.

Sa puntong ito, gagamit tayo ng pagpapaikli: Gagamitin ang **S** upang kumatawan sa "saknong," at ang **T** naman para sa "taludtod." Samakatwid, kapag sinabing S1 T1, alin ang tinutukoy? Oo, ang unang taludtod ng unang saknong. Maliwanag ba?

Bukod sa mga nabanggit, may tugmaan ang awit. Basahing malakas ang S22 mula sa "Kay Celia."

**22** Ikaw na bulaklak niring dili-dili
Celiang sagisag mo'y ang M.A.R.
sa Birheng mag-ina'y ipamintakasi
ang tapat mong lingkod na si F.B.

Aling mga salita ang magkakatugma? Para masagot ang tanong, tingnan ang mga huling salita ng bawat taludtod. Anu-ano ang mga dulong salita: di ba – ***dili-dili*, *M.A.R*, *ipamintakasi*** at ***F.B***.

Magkakatugma ba ang mga salitang iyan? Sa biglang tingin, hindi. Bakit hindi? Kasi, sa bagong alfabetong Filipino, paano tinatawag ang mga letra? Di ba pa-Ingles na? Ganito: /ey, bi, si, di, i, ef/ atb. Ngunit noong panahon ni Balagtas, pa-Kastila ang tawag sa mga letra.

Kaya ang inisyal na M.A.R. ay di /em-ey-ar/ (pa-Ingles) ang tawag, kundi /eme-a-ere/. Pa-Kastila. Maliwanag ba? Kaya, kasintunog ito ng "dili-dili" at "ipamintakasi."

Pero teka, paano naman ang F.B.? Noon, ang mga letrang may iisang pantig ang ngalan, tulad ng B (be), ay binibigkas nang may dagdag na pantig. Kaya ang **B /**be/ ay tinatawag na /be-e/. Kung gayon, ang inisyal ni Balagtas ay di /ef-bi/ kundi /efe-be-e/.

Sa S22, ang huling tunog na magkakatugma ay ang mga patinig na /i/ at /e/. Samakatwid, ang tugmaan ay ***a, a, a, a*** – ibig sabihin, magkakahawig ang huling tunog sa apat na taludtod na bumubuo ng isang saknong.

Bilangin mong muli ang mga pantig sa bawat taludtod. Sa unang tingin, parang kulang ng isang pantig ang huling taludtod. Ngunit batay sa paliwanag, 12 ang bilang ng pantig. Hindi nagkamali ng pagbilang sa S22 T4 si Balagtas.

Balikan mo uli ang S22. Muli, basahing mong malakas.

**22** Ikaw na bulaklak/ niring dili-dili//
Celiang sagisag mo'y/ ang M.A.R.//
sa Birheng mag-ina'y/ ipamintakasi//
ang tapat mong lingkod/ na si F.B.//

Saglit ka bang tumigil sa pagbigkas sa mga bahagi ng taludtod na may pahilis na guhit (/)? Ang pahilis na guhit na ito ay tanda ng ***cesura*** o sandaling tigil. Tumitigil kang sandali sa pagbigkas dahil narito ang lohikal na pagpapangkat ng mga salita.

Bahagi ng estruktura ng tulang may labindalawahing (12) pantig ang sandaling tigil sa ika-6 at ika-12 pantig, gaya na ipinakita sa saknong sa itaas.

Ngunit sa ***Florante at Laura***, may pagkakataon na kapag nilagyan mo ng cesura ang ika-12 pantig, magiging malabo ang kahulugan o baka magkamali pa ng pagpapakahulugan. Basahin mong malakas ang saknong sa ibaba:

**202** Ang laki sa layaw karaniwa'y hubad
sa bait at muni't sa hatol ay salat;
masaklap na bunga ng maling paglingap,
habag ng magulang sa giliw na anak.

Popular na popular ang saknong na ito. Ganito mo ba binigkas ang unang dalawang taludtod:

(a) Ang laki sa layaw/ karaniwa'y hubad//
sa bait at muni't/ sa hatol ay salat//

O ganito:

(b) Ang laki sa layaw/ karaniwa'y hubad
sa bait at muni't/ sa hatol ay salat//

Kung (b) ang pinili mo, tama ka. Walang sandaling tigil sa salitang ***hubad***.

Kung (a) ang pinili mo, ang makukuhang kahulugan ay ito: ang batang laki sa layaw ay walang damit (hubad). Ngunit hindi ito ang ibig ipahayag ni Balagtas, kundi ang (b): ang batang laki sa layaw ay salat (o hubad) sa katinuan.

Tandaan: Magkakamali ka ng pagpapakahulugan kapag nagkaroon ng sandaling tigil sa maling salita.

***2. Mga bahagi ng awit***

May tatlong bahagi ang awit: Simula, gitna at wakas.

(a) Simula – paghahandog, na susundan ng pagsasalaysay ng problemang nakakaharap ng pangunahing tauhan.

(b) Gitna – mga pangyayari tungo sa paglutas sa problema

(c) Wakas – kalutasan ng problema ng pangunahing tauhan.

Paano ilalapat ang mga bahaging ito ng awit sa pinag-aaralang ***Florante at Laura***?

May hiwalay na bahagi ang paghahandog, "Kay Celia" at "Sa Babasa Nito." Ang pormal na pagsisimula ay paglalarawan ng "isang madilim, gubat na mapanglaw." Sa pamamagitan ng paglalarawang ito ay agad nakalikha ang makata ng ***atmospera*** o kaligirang malungkot. Bakit ganitong kaligiran ang nilikha ng makata sa simula ng awit? Nahulaan mo ba? Kasi, sa simula ay agad nang ipinakikitang nakaharap sa malaking problema ang pangunahing tauhan.

Anong problema ito? Nakagapos siya sa isang punong higera, di ba? Paano siya makalalaya sa pagkakagapos? Sa susunod na sub-aralin, mababasa mo ang dahilan kung bakit siya nakagapos at kung sino ang may kagagawan nito.

Ang mga pangyayaring tungo sa kalutasan ng problema ng pangunahing tauhan ay di matatalakay sa modyul na ito kundi sa mga susunod na modyul. Sapat nang isalaysay ang buod ng mga pangyayari hanggang wakas ng awit:

*Dumating sa gubat ang isang gererong moro, si Aladin. Iniligtas niya ang baguntaong nakagapos, si Florante, sa dalawang leon. Kapwa nagsalaysay ng kani-kanyang buhay ang dalawang lalaki. Pagkaraan ng ilang buwan, dumating sa gubat sina Flerida at Laura, ang kasintahan nina Aladin at Florante. Napatay ni Flerida si Adolfo, ang kumamkam ng kahariang Albanya. Nagtapu-tagpo sa gubat sina Florante at Laura, Aladin at Flerida.*

Ang mga pangyayaring ito ang bumubuo sa gitnang bahagi ng awit.

At ang wakas? Mangyari pa, ang isang awit ay laging natatapos sa masayang wakas. Dumating sa gubat si Menandro, ang kaibigan ni Florante. Tinanghal na hari si Florante. Namuno sila ni Laura "hanggang sa nasapit ang payapang bayan …" (S399 T2). Anong payapang bayan ito? Tama, hanggang kamatayan nila'y naging kasiya-siya ang pamumuno nila sa Albanya.

Kung ang simula ay kalungkutan, ang wakas naman ay kaligayahan para sa mga pangunahing tauhan.

Ang awit ay binubuo ng 399 saknong. Ganito, humigit-kumulang ang pagkakahati ng awit ayon sa simula, gitna at wakas:

a. Simula: Saknong 1 – 68. Paglalarawan sa lalaking nakagapos at paghihinagpis nito.
b. Gitna: Saknong 69 – 392. Pagtatagpo ng gerero at ng nakagapos, pagliligtas ng una sa huli, mga salaysay hanggang sa magkita-kita ang dalawang pares ng magkasintahan.
c. Wakas: Saknong 393-399. Pagdating ni Menandro sa gubat. Ito ang hudyat na nalutas na ang problema dahil nailigtas na ni Menandro ang Albanya. Umuwi sa Persiya sina Aladin at Flerida nang mamatay ang sultan. Namuno sina Florante at Laura sa Albanya hanggang sila'y sumapit sa "payapang bayan."

### *3. Tauhan, Tagpuan at Banghay ng awit*

Ang mga ***tauhan*** sa isang awit ay mga hari at reyna, prinsipe at prinsesa at iba pang matataas na uring tao. Ang ***tagpuan***, o kung saan at kailan naganap ang kwento, ay karaniwang malalayong lugar na maaaring likha lamang ng imahinasyon.

Sa simula ng ***Florante at Laura***, hindi muna binanggit kung sino ang baguntaong nakagapos at kung ano ang pangalan niya. Ngunit paano siya inilarawan? Tama, guwapo siya, makinis ang balat at kulay-ginto ang buhok. Marahil ay isa siyang Europeo. Ang katulad niya sa kaguwapuhan ay hango sa mitolohiyang Griyego at Romano – sina Narciso at Adonis. Tingnan mo ang mga talababa upang malinawan kung sino ang mga ito. Di ba ito ang bilin ni Balagtas: "ang mata'y itingin sa dakong ibaba." (S5 T3, "Sa Babasa Nito.")

Samantala, anong lugar ang inilalarawan sa S1-7? Di ba isang madilim, mapanglaw na gubat? Anong mga puno ang matatagpuan doon? Karamiha'y sipres at higera na "ang lilim niyon ay nakasisindak" Aling taludtod ang nagsasaad nito? Tama ka, S5 T2. Ang mga hayop namang gumagala rito ay hango sa katotohanan (leon, tigre, ahas, hyena) at sa dayuhang mitolohiya (basilisko).

Pilipinas kaya ang inilalarawang ito? Hindi. Wala namang ganitong mga hayop sa Pilipinas. Bukod pa rito'y binanggit ng makata kung saan malapit ang gubat na tinutukoy. Saan daw malapit ang gubat na ito? Tama, sa "Avernong reyno ni Plutong masungit" (S7 T2) at sa "Ilog Cocitong kamandag ang tubig" (S7 T4). Ang Averno at Cocito gayon din si Pluto ay hango sa mitolohiyang Griyego.

Ang ***banghay*** ay ang balangkas ng mga pangyayari. Magkaugnay ang tatlong bahagi ng awit at ang banghay.

Ganito ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari:

1. Simula ng awit – Nakagapos sa gubat ang isang baguntao.

2. Gitna ng awit

2.1 Dumating sa gubat ang isang gererong Moro.

2.2 Iniligtas ng gerero ang baguntao sa dalawang leon na gustong sumila ditto

2.3 Namuhay nang ilang buwan sa gubat ang dalawa, ang gererong si Aladin at ang baguntaong iniligtas nito na si Florante.

2.4 Nagkita-kita sa gubat sina Aladin at Flerida, Florante at Laura

3. Wakas ng awit

3.1 Dumating sa gubat si Menandro.

3.2 Tinanghal na hari si Florante.

3.3 Naging Kristiyano sina Aladin at Flerida. Umuwi sila sa Persiya nang mamatay ang sultan.

3.4 Namuno sa Albanya sina Florante at Laura hanggang mamatay.

Sa pagitan ng mga pangyayaring ito ay ang mga salaysay ng nakalipas na buhay ng mga tauhan. Isinalaysay ni Florante ang kanyang kamusmusan, ang pag-aaral sa Atenas, ang pagiging matagumpay na mandirigma. Isinalaysay naman ni Aladin ang buhay niya. Sa pamamagitan din ng salaysay malalaman ang mga pangyayari tungkol sa iba pang mahahalagang tauhan.

Samakatwid, nagsisimula ang awit sa kalagitnaan – sa puntong nakaharap sa malaking problema ang pangunahing tauhan. Susundan ito ng papaigting na mga pangyayari tungo sa kalutasan ng problema. Kapag lutas na ang problema, magkakaroon na ng maikling wakas. Lahat ng kaugnay na pangyayari ay binabalikan na lamang sa gunita o sa pamamagitan ng mga salaysay.

**Gamitin**

Handa ka na bang gamitin ang mga natutuhan mo?

***1. Pagsusuri sa estruktura ng awit***. Ano na nga ang estruktura? Tama, ito ang porma o anyo ng awit. Kaya ang tinutukoy nito ay ano?

Ito ba ang sagot mo: bilang ng pantig sa bawat taludtod, bilang ng taludtod sa bawat saknong, tugmaan, at cesura o sandaling tigil. Ilapat mo nga ito sa saknong sa ibaba:

**24** Datapuwa't sino ang tatarok kaya
sa mahal Mong lihim, Diyos na dakila?
Walang mangyayari sa balat ng lupa,
di may kagalingang Iyong ninanasa.

Ilan ang pantig sa bawat taludtod? Labindalawa ba ang sagot mo? Labindalawa nga ang bilang ng pantig sa lahat ng taludtod. Di ba, ganito ang estruktura ng awit? Ngunit teka, kulang ba ng pantig ang unang taludtod? Napansin mo rin bang iba ang ispeling o baybay ng unang salita?

Ngayon, ang "datapuwa't" ay binabaybay nang ganito: ***datapwat***. Walang kudlit (') at wala ring **u.** Ilang pantig ang ***datapwat***? Tama ka, tatlo (3) lamang: (da.ta.pwat). (Ginamit ang tuldok upang paghiwalayin ang mga pantig.)

Ngunit ang ***datapuwa't*** noong panahon ni Balagtas ay may apat na pantig batay sa bigkas noon: ***da.ta.pu.wat***. Kapag binago ang baybay ng obra ni Balagtas at iniangkop sa baybay sa kasalukuyan, magkukulang na ng pantig.

Di ba iyon nga ang bilin ni Balagtas? Na huwag baguhin ang kanyang berso. Sang-ayon ka bang may katwiran siyang magbilin ng ganito?

Tungkol  naman sa tugma. Suriin mo ang mga huling salita sa bawat taludtod. Di ba, ito ang mga huling salita: T1 - ***kaya,*** T2- ***dakila,*** T3 - ***lupa,*** at T4 – ***ninanasa***.

Pawang **a** na may impit ang dulong tunog ng bawat taludtod.

Tingnan mo naman ang saknong na ito:

**68** Sa puno ng kahoy ay napayukayok
ang leeg ay supil ng lubid na gapos,
bangkay na mistula't ang kulay na burok
ng kaniyang mukha'y naging puting lubos.

Anong mga dulong salita ang magkakatugma sa saknong sa itaas? Tama, ***napayukayok, gapos, burok, lubos***. Magkakasintunog ang **k**, at **s** na huling tunog sa mga salitang naitala mo. Ngunit pansinin din, na ang patinig bago ang mga tunog na katinig ng **k** at **s** ay pawang **o**. Kung ito'y ibang patinig, hindi magiging katugma.

Halimbawa, ang ***gapas*** at ***gapos***, ***burak*** at ***burok*** ay di magkakatugma. Malinaw na ba?

Hindi rin magkatugma ang patinig na **may** impit at ang patinig na **walang** impit.

Basahing malakas ang saknong na ito:

**26** Kung siya mong ibig na ako'y magdusa,
Langit na mataas, aking mababata
isagi mo lamang sa puso ni Laura,
ako'y minsan-minsang mapag-alaala.

Ano ang mga dulong tunog? May impit ba ang huling patinig na **a**? Wala, di ba? Ang mga huling salita ay: ***magdusa, mababata, Laura*** at ***mapag-alaala***. Pawang walang impit na tunog ang mga ito kaya di katugma ng mga salita sa naunang saknong: ***kaya, dakila, lupa*** at ***ninanasa.***

Ano nga ang tawag sa ganitong tugmaan? Tama, tugmaang ***a, a, a, a***. Dahil magkakatulad ng huling tunog ang bawat taludtod sa isang saknong.

Subukin mo namang lagyan ng cesura o sandaling tigil ang S57 T3-4:

> hugasan ang dugong nanalong sa gitgit
> sa kamay ko, paa't natataling leeg.

Ganito ba ang sagot mo:

> hugasan ang dugong/ nanalong sa gitgit
> sa kamay ko,/paa't natataling leeg.//

Tama ka, kung gaya ng nasa itaas ang sagot mo.

***2. Mga bahagi ng awit***

Nabanggit na sa unahan na may tatlong bahagi ang awit. Ano na nga ang tatlong bahaging ito? Tama. Simula, gitna at wakas.

Ganito rin ba ang ibang uri ng teksto? Tama, ganito rin. Laging may simula, gitna at wakas ang alin mang sulatin, pampanitikan man o hindi.

Paano ipinapakita sa isang awit ang pangunahing tauhan sa simula pa lamang? Di ba, sa puntong nakaharap siya sa malaking problema? Bakit kaya ganito? Bakit hindi kronolohikal, o ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari? May maibibigay ka bang dahilan?

Kung ang sagot mo ay upang hindi maging kabagut-bagot ang pagsasalaysay, tama ka. Mas kawili-wiling magbasa kung sa simula pa lamang ay nakikita mo na ang pangunahing tauhan sa isang dramatikong sitwasyon – isang gipit na katayuang dapat niyang malusutan.

Halimbawang nagsimula ang awit sa unang uha ng tauhan – dahil ang unang uha ang tanda ng pagsisimula ng tao sa mundong ibabaw – may interes ka pa kayang magbasa? Baka itabi mo agad ang aklat pagkabasa pa lamang sa unang saknong. Ngunit kung makikita mong nasa gipit na katayuan ang isang tao, aba, magkakainteres kang malaman kung paano niya malulutas ang problema, di ba?

Tungkol naman sa wakas. Nasabi nang maikli na lamang ang wakas. Kapag nalutas na ang problema, kasunod na ang wakas.

Bakit kaya laging masaya ang wakas ng awit? Nahulaan mo ba? Sinasabing masaya ang wakas ng awit dahil laging nalulutas ng pangunahing tauhan ang problemang nakaharap niya sa pagsisimula.

***3. Tauhan, tagpuan at banghay***

Tiyak na marami ka nang nabasang tula, kwento, nobela at sanaysay. Marahil, kaya mo nang timbangin ang kahusayan o kakulangan ng mga akdang binabasa mo batay sa sarili mong panlasa at pananaw na nalinang ng mga natutuhan mo.

Alin ang higit mong nagugustuhan sa mga sumusunod:

1. Tauhan – anyo: (a) gwapo (b) karaniwan
   katayuan sa buhay: (a) prinsipe/prinsesa (b) karaniwang tao

2. Tagpuan – (a) sa sariling bansa (b) sa ibang bansa

3. Simula: (a) malungkot (b) masaya

4. Wakas: (a) malungkot (b) masaya

May paborito ka bang tauhan o karakter? Bakit ang tauhang iyon ang gusto mo? Ikaw lamang ang makasasagot ng tanong na iyan.

Bakit? Kasi, iba-iba ang panlasa ng tao. Ang gusto mo ay maaaring di gusto ng kaibigan mo. Gayon man, kahit hindi magkatugma ang panlasa mo at ang panlasa ng ibang tao, hindi ito nangangahulugang tama siya at mali ka. Nagkataon lamang na magkaiba ang inyong mga pananaw. Ngunit tiyak, may dahilan ka at may dahilan din siya sa pagkagusto sa dalawang magkaiba – o maaari pa ngang magkasalungat – na bagay.

May dahilan din si Francisco 'Balagtas' Baltazar sa pagpili ng tauhang gwapo, makinis ang mamula-mulang kutis at kulay-ginto ang buhok. Nahulaan mo ba? Dahil noong panahon niya, iyon ang kalakaran ng mga akda. Ang tauhang babae ay maladiyosa sa kagandahan at ang tauhang lalaki ay makisig, matapang at matalino. Ito, sa kaisipang namayani noon, ang uri ng mga tauhang hahangaan at pamamarisan ng mga mambabasa.

Bakit naman Albanya ang napiling lugar? Totoong may bayang malapit sa Gresya na ganito ang pangalan. Ngunit ang Albanya ni Balagtas ay likha lamang ng kanyang imahinasyon.

Bakit hindi sa Pilipinas ang tagpuan ng ating awit? Alam mo bang mahigpit ang mga prayleng sensor noong panahon ni Balagtas? Sensor? Oo, sensor. Walang kalayaan sa pagsasalita noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Mahigpit na ipinagbabawal ang pagsasalita o pagsusulat kontra sa mga mananakop na Kastila. Kaya ginamit ni Balagtas ang Albanya na tagpuan ng kanyang obra upang hindi makahalata ang mga prayle na ang tunay niyang inilalarawan ay ang mga pangyayari sa sariling bansa.

**Lagumin**

Malinaw na ba sa iyo kung ano ang (a) estruktura, (b) mga bahagi at (c) tauhan, tagpuan, at banghay ng awit? Upang maging mas malinaw pa, narito ang mga pangunahing puntos ng sub-aralin.

1. Ang estruktura ng awit ay tumutukoy sa porma o anyo nito. Ito ay ang bilang ng pantig sa bawat taludtod (12 pantig), bilang ng taludtod (4) sa bawat saknong, tugmaan (***a, a, a, a***) at cesura o sandaling tigil sa ika-6 at ika-12 pantig.

2. May tatlong bahagi ang awit: simula, gitna at wakas. Sa simula, laging nakaharap sa problema ang pangunahing tauhan. Ang gitnang bahagi ay mga pangyayari tungo sa kalutasan ng problema. Ang wakas ay laging masaya.

May 399 saknong ang ***Florante at Laura*** na ganito ang pagkakahati ayon sa tatlong bahagi:

a. Simula: Saknong 1 – 68.
b. Gitna: Saknong 69 – 392.
c. Wakas: Saknong 393-399.

3. Ang tauhan sa isang awit ay karaniwang mga hari at reyna, prinsipe't prinsipe at iba pang mga mahal na tao mula sa ibang bansa. Ang tagpuan, na lugar at panahon nang maganap ang mga pangyayari, ay karaniwang noong unang panahon, sa isang bansang malayo sa Pilipinas. Ang banghay ay ang balangkas ng mga pangyayari. Magkaugnay ang banghay at ang mga bahagi ng awit.

Ngayong malinaw na sa iyo ang sub-araling ito, handa ka na marahil sa isang pagsubok.

**Subukin**

I. Sagutin ang mga tanong. Isulat sa sagutang papel ang mga letra lamang ng iyong sagot.

1. Kanino inihahandog ng makata ang kanyang awit?
a. Birhen b. Celia c. Mambabasa

2. Ano ang sagisag o inisyal ng dalagang pinaghandugan ng awit ng makata?
a. M.A.R. b. M.A.D. c. M.A.T.

3-4. Anong dalawang bagay ang bilin ng makata sa mga mambabasa?
a. suriin ang tula b. huwag baguhin ang tula c. basahin ang tula
d. tumingin sa ibaba kung may salitang malabo e. huwag hamakin ang tula

5. Saan ang tagpuan ng ***Florante at Laura***?
a. gubat b. Averno c. Ilog Cocito

6-8. Tatlong pang-uri ang ginamit sa S1 upang ilarawan ang gubat. Anu-ano ito?
a. masukal b. maliwanag c. maganda d. mapanglaw e. madilim

9-10. Aling dalawang salitang singkahulugan ng ***lungkot*** ang makikita sa S2?
a. kahapisan b. dalamhati c. nakalulunos d. nagsasaya

11-12. Karamihan ng mga puno sa gubat ay _______ at ________.
a. sipres b. higera c. nara d. mulawin

13-15. Tatlo sa mga hayop na gumagala sa gubat:
a. syerpe b. basilisko c. tigre d. elepante e. gazelle

16 Ang kulay ng buhok ng baguntaong nakagapos ay _______.
a. bronse b. ginto c. pilak

17. Alin sa mga salita sa ibaba ang magkatugma?
a. masungit b. dahon c. kahoy

18. Ilang pantig ang bumubuo sa bawat taludtod ng ***Florante at Laura***?
a. 8 b. 12 c. 16

19. Ilang taludtod ang bumubuo sa bawat saknong ng ***Florante at Laura***?
a. 4 b. 6 c. 3

20. Ang baguntaong nakagapos ay inihambing kina Narciso at Adonis, kaya siya ay: a. guwapo b. mayabang c. matalino

II. Lagyan ng pahilis na guhit ang bahagi kung saan dapat magkaroon ng cesura o sandaling tigil.

S55 T1-2: Halina, Laura ko't aking kailangan
ngayon, ang lingap mo nang naunang araw.

S4 T3-4: pawang kulay-luksa at nakikiayon
sa nakaliliyong masangsang na amoy.

III. Sang-ayon ka o di sang-ayon? Isulat sa iyong sagutang papel ang bilang ng iyong sagot. Nasa ibaba ang katumbas ng mga bilang:

*1. Hinding-hindi sang-ayon*
*2. Hindi sang-ayon*
*3. Di tiyak*
*4. Sang-ayon*
*5. Lubos na sang-ayon*

1. Pagkakaroon ng tula ng sukat at tugma.
1 2 3 4 5
2. Paghahandog ng makata sa isang dalaga bilang panimula ng kanyang obra
1 2 3 4 5
3. Pagbibigay ng makata ng mga tagubilin sa mambabasa
1 2 3 4 5
4. Tagubilin ng makata na huwag baguhin ang kanyang berso
1 2 3 4 5
5. Tagpuang likha lamang ng imahinasyon
1 2 3 4 5
6. Malungkot na kaligiran sa simula
1 2 3 4 5
7. Tauhang di Pilipino na may buhok na kulay-ginto
1 2 3 4 5
8. Simulang nagpapakitang nakaharap sa problema ang pangunahing tauhan
1 2 3 4 5
9. Di kronolohikal na salaysay ng mga pangyayari
1 2 3 4 5
10. Masayang wakas ng awit
1 2 3 4 5

Tingnan mo nga kung nasagot mo nang tama ang mga tanong. Narito ang mga tamang sagot sa I at II.

I.

| | |
|---|---|
| 1. b | 11-12. a, b |
| 2. a | 13-15. a, b, c |
| 3-4. b, d | 16. b |
| 5. a | 17-18. b, c |
| 6-8. a, b, e | 19. b |
| 9-10. a, b | 20. a |

II. S55 T1-2: Halina, Laura ko't/ aking kailangan
ngayon,/ ang lingap mo nang naunang araw.//

S4 T3-4: pawang kulay-luksa/ at nakikiayon/
sa nakaliliyong/ masangsang na amoy.//

III. Sa bahaging ito, walang tama o maling sagot. Ibig lamang tuklasin ang iyong saloobin – ang iyong pagsang-ayon o di pagsang-ayon sa ilang bahagi ng awit. Kung karamihan ng sagot mo ay 4 o 5, ibig sabihin ay sinasang-ayunan mo (at naiibigan) ang ilang puntos na itinanong. Kung karamihan ng sagot mo ay 1 o 2, hindi ka sang-ayon. Tiyak na may dahilan ka kung bakit. Kung karamihan naman ay 3 ang sagot mo, aba, ibig sabihin ay di ka pa nakatitiyak sa iyong saloobin. Kailangan mo pang magbasa nang magbasa upang malinang ang iyong panlasa sa mga babasahin.

Kung nasagot mong tama ang lahat ng tanong sa I & II, hindi mo na kailangang sagutan ang susunod na bahagi, ang ***Paunlarin***.

**Paunlarin**

I. Itala sa iyong sagutang papel ang mga salitang magkakatugma sa saknong sa ibaba:

**2** Malalaking kahoy ang inihahandog,
pawang dalamhati, kahapisa't lungkot,
huni pa ng ibon ay nakalulunos,
sa lalong matimpi't nagsasayang loob.

II. Isulat sa sagutang papel ang letra ng iyong sagot.

1. Kapag naaalala ng makata ang nakaraan, siya'y
   a. lumuluha b. tumatawa c. tumutula
2. Paano binibigkas noong panahon ni Balagtas ang inisyal na M.A.R.?
   a. eme-a-ere b. em-ey-ar c. ma-a-ra
3. Ang salitang ***baguntao*** ay nangangahulugang
   a. binata b. dalaga c. balo
4. Ano ang nangyari sa pag-iibigan ng makata at ni Celia? Sila'y
   a. nagkalayo b. nagpakasal c. nagkatampuhan
5. Anong dahilan ang ibinigay ng makata sa nasapit ng kanilang pagmamahalan?
   a. walang ibinigay na dahilan b. pagtataksil ng dalaga
   b. paglayo ng makata

Nasagot mo bang tama ang mga tanong? Tama ka kung ganito ang mga sagot mo:

I. inihahandog, lungkot, nakalulunos, loob
II. 1. a 2. a
3. a 4. a 5. a.

## Sub-Aralin 2 Mga Pangyayari: Paano Iuugnay sa Sarili

***Layunin***: Pagkatapos ng sub-araling ito, inaasahang nasusuri mo ang mga pangyayari sa awit batay sa:

- kaugnayan sa sariling karanasan
- mga suliranin at solusyon
- sariling paglalagom
- sariling interpretasyon

**Alamin**

Bakit kaya nakatali ang makisig na baguntao sa isang puno sa gitna ng madilim at mapanglaw na gubat? Tuklasin mo ang dahilan sa mga piling saknong sa ibaba. Siya ang nagsasalita sa mga saknong na ito:

**14** Sa loob at labas ng bayan kong sawi,
kaliluha'y siyang nangyayaring hari,
kagalinga't bait ay nalulugami,
ininis sa hukay ng dusa't pighati.

Ano raw ang nangyayari sa bayan ng baguntaong nakagapos? Ano ang naghahari sa bayan niya? Kaliluhan, di ba? Ano ang ibig sabihin ng salitang ito? Kataksilan, paggawa ng di mabuti sa kapwa. Ano naman ang nangyayari sa mga taong mabuti? Sinisikil sila. Aling saknong ang nagsasaad nito? Tama, T4. Sige, basahin mo.

**15** Ang magandang asal ay ipinupukol
sa laot ng dagat ng kutya't linggatong
balang magagaling ay ibinabaon
at inililibing na walang kabaong.

**16** Ngunit, Ay! Ang lilo't masasamang loob,
sa trono ng puri ay iniluluklok
at sa balang sukab na may asal-hayop,
mabangong insenso ang isinusuob.

Sinong "masasamang loob" ang tinutukoy sa S16? Hindi ito iyong mga taong may hinanakit, kundi ang mga taong mapag-isip ng masama laban sa kapwa. Ano raw ang ginagawa sa mga sukab at asal-hayop? Ayon sa S16 T4, sinusuob sila ng mabangong insenso.

Tunay bang pagsuob ng insenso ang tinutukoy rito? Hindi. Ito ay matalinghagang pananalita, na nangangahulugan ng pagpaparangal sa mga taong masama. Kabaligtaran ito ng dapat mangyari, di ba?

**17** Kaliluha't sama ang ulo'y nagtayo
at ang kabaita'y kimi't nakayuko
santong katuwira'y lugami at hapo,
ang luha na lamang ang pinatutulo.

**18** At ang balang bibig na binubukalan
ng sabing magaling at katotohanan,
agad binibiyak at sinisikangan
ng kalis ng lalong dustang kamatayan.

Anong karapatan ang nasisikil, ayon sa S18? Tama, ang karapatan sa malayang pagsasalita. Ano raw ang ginagawa sa mga taong nagsasabi ng totoo? Pinapatay, di ba?

**19** O taksil na pita sa yama't mataas!
O hangad sa puring hanging lumilipas!
ikaw ang dahilan ng kasam-ang lahat,
at niring nasapit na kahabag-habag.

**20** Sa korona dahil ng Haring Linseo,
at sa kayamanan ng dukeng ama ko,
ang ipinangahas ng Konde Adolfo,
sabugan ng sama ang Albanyang reyno.

Bakit nagaganap ang ganitong kasamaan? Dahil sa paghahangad sa korona at yaman. Anong mga taludtod ang nagsasaad nito? Tama, S20 T1-2. Ano naman ang sinasagisag ng korona ng hari? Kapangyarihan, di ba? Kapangyarihan ng hari ang hangad ni Konde Adolfo.

Ano pang detalye tungkol sa baguntao ang nabatid mo sa S20? Tama ka, siya'y anak ng duke. Aling taludtod ang nagsasaad nito? Basahin mo ang T2.

Ang kasunod nito'y ang himutok ng baguntao. Tinanong niya ang kalangitan kung bakit pinapayagang maganap ang ganitong kasamaan. Sinundan ito ng mga alaala niya kay Laura, ang kanyang kasintahan. Sa bahaging ito ay malalaman ng mambabasa na isang mandirigma ang baguntaong nakagapos dahil sa pagbanggit sa kanyang baluti't koleto, na mga gamit ng mandirigma.

Ngunit nagdududa ang baguntao na baka nagtaksil na si Laura. Natatakot siya na "ang paglililo'y nasa kagandahan." (S41 T4). Kapag maganda raw ang dalaga ay baka magtaksil sa kasintahan. Sang-ayon ka ba?

Sa mga sumusunod na saknong ay nananawagan ang baguntao kay Laura.

**55** "Halina, Laura't aking kailangan
ngayon ang lingap mo nang naunang araw.
Ngayon hinihingi ang iyong pagdamay,
ang abang sinta mo'y nasa kamatayan.

**56** "At ngayong malaki ang aking dalita
ay di humahanap ng maraming luha,
sukat ang kapatak na makaapula,
kung sa may pagsintang puso mo'y magmula.

**60** "Wala na nga, Laura ikaw na nga lamang
ang makalulunas niring kahirapan;
damhin ng kamay mo ang aking katawan
at bangkay man ako'y muling mabubuhay!

Sino raw ang tanging lunas sa paghihirap ng baguntao? Si Laura, di ba? Aling taludtod ang nagsasaad nito? Tama, S60 T1-2.

**63** “Alin pa ang hirap na di na sa akin?
may kamatayan pang di ko daramdamin?
ulila sa ama’t sa inang nag-angkin,
walang kaibiga’t nilimot ng giliw.

Buhay pa ba ang mga magulang ng baguntao? Patay na kapwa, di ba? Aling salita ang nagsasaad nito? Tama, ang salitang “ulila.” (S63 T3).

**64** “Dusa sa puri kong kusang siniphayo
palasong may lasong natirik sa puso
habag sa ama ko’y tunod na tumimo
ako’y sinusunog niring panibugho.

Ano raw ang nadarama ng baguntao? Panibugho nga. Nagseselos siya. Sa aling taludtod ito isinasaad? Tama, S64 T4.

**65** “Ito’y siyang una sa lahat ng hirap,
pagdaya ni Laura ang kumakamandag
dini sa buhay ko’y siyang nagsasadlak
sa libingang laan ng masamang palad.

**66** “O Konde Adolfo’y inilapat mo man
sa akin ang hirap ng sansinukuan,
ang kabangisan mo’y pasasalamatan,
ang puso ni Laura’y kung hindi inagaw!”

Ano ang pinakamasakit na nararanasan ng baguntao? Hindi ang kalupitan ni Konde Adolfo. Kundi ang takot na baka nilimot na siya ni Laura at ito’y baka naagaw na ni Konde Adolfo.

**68** Sa puno ng kahoy ay napayukayok
ang leeg ay supil ng lubid na gapos,
bangkay na mistula’t ang kulay na burok
ng kaniyang mukha’y naging puting lubos.

Ano ang nangyari sa baguntaong nakagapos? Napayukayok siya, ano? Ilarawan ang naging kulay niya. “Naging puting lubos.” Ang dating mamula-mulang kutis ay naging puti. Maputlang-maputla, kung gayon.

**Linangin**

Inilalahad sa bahaging ito ang mga nangyayari sa bayan ng baguntaong nakagapos. Hindi pa natin alam hanggang sa puntong ito kung ano ang pangalan niya. Ngunit nabanggit na ang sumusunod na mga detalye: (a) ang bayan niya ay Albanya,
(b) anak siya ng duke, (c) isa siyang mandirigma.

Sino ang may kagagawan sa pagkakagapos ng baguntao? Si Konde Adolfo, di ba? At ano ang dahilan ng ganitong kasamaan? Paghahangad sa dalawang bagay: (1) kapangyarihan, na sinasagisag ng korona, at (2) kayamanan.

Sa tindi ng pagdurusa ng baguntao, una siyang nanawagan sa kalangitan. Bakit daw pinapayagan ng langit na maghari ang kasamaan sa kanyang bayan? Ganito ka rin ba kapag may problema? Sinisisi mo rin ba ang langit sa mga nangyayari sa buhay mo? Sa palagay mo ba’y tama ang ganitong saloobin?

Sino naman ang pangalawang tinawag ng baguntao? Si Laura, di ba? Sino si Laura na tanging lunas sa kanyang pagdurusa? Kasintahan marahil dahil natatakot siyang baka ito’y nagtaksil at naagaw na ni Adolfo.

**Gamitin**

Ngayon, kaya mo na bang ilapat ang mga natutuhan mo?

Anu-ano ang mga pangyayari sa unang bahaging ito ng awit? Subukin mo ngang itala sa iyong sagutang papel.

Ganito rin ba ang naitala mo:

1. Nakagapos sa isang punong higera sa gitna ng isang mapanglaw na gubat ang isang baguntaong makisig.
2. Naghihinagpis siya dahil:
    - 2.1 Naghahari ang kasamaan sa kanyang bayan; ito’y kagagawan ni Konde Adolfo
    - 2.2 Nanawagan siya sa langit at tinanong ito kung bakit hinayaang mangyari ang gayong kasamaan sa kanyang bayan.
    - 2.3 Nanawagan siya kay Laura.

2.4 Natatakot siyang baka naagaw na ni Adolfo si Laura.
2.5 Sinabi niyang "ang paglililo'y nasa kagandahan." (S41 T4)

Ngayon, subukin mong iugnay ang mga pangyayaring ito sa sariling karanasan, bigyang solusyon ang mga suliranin, gumawa ng sariling paglalagom at ng sariling interpretasyon.

***a. Pag-uugnay sa sariling karanasan***

Sinulat ni Balagtas ang kanyang obra halos dalawandaang taon na ang nakalilipas. Maaari pa kayang magkatotoo sa kasalukuyan ang mga sitwasyong inilarawan niya sa kanyang awit?

Maaari pa rin, di ba? Kahit hindi ka prinsipe o prinsesa, kahit karaniwang tao o karaniwang estudyanteng tulad mo, kung minsa'y mararanasan mo ring pagtaksilan o pagplanuhan ng masama ng mga taong akala mo'y mapagkakatiwalaan. Maaari ka ring maigapos, hindi man sa puno sa gitna ng gubat, kundi sa mga sitwasyong mahirap takasan.

Halimbawa, nangopya ang kaibigan mo sa test paper mo, ngunit nang mabisto ng guro, ikaw pa ang isinumbong niyang siyang nangopya. Napaniwala pa niya ang guro mo dahil madulas ang kanyang dila samantalang ikaw ay tahimik lamang at di makakibo. Di ba iyan ay nagbibigay-buhay sa mga taludtod na nagsasaad na: "Kaliluha't sama ang ulo'y nagtayo/at ang kabaita'y kimi't nakayuko" (S17 T1-2)

Narito ang isa pang sitwasyon: Malungkot na malungkot si Magenta. Dahil sa isang pagkakamali niya, pakiramdam niya'y iniwan na siya ng lahat. Di ba ito ay paglalarawan ng S63 T3-4: "ulila sa ama't sa inang nag-angkin,/walang kaibiga't nilimot ng giliw."

***b. Mga suliranin at solusyon***

Ano ba ang suliranin ng baguntaong nakagapos? Dalawang uri ng suliranin o problema ang nakakaharap niya, di ba? Ang mga ito ay:

- pangkaharian
- pansarili

Anong pangkahariang suliranin ang kinakaharap ng baguntaong nakagapos? Di ba, naghahari ang kasamaan sa kahariang Albanya? Kagagawan ito ng taksil na si Konde Adolfo. Ano ang mga kasamaang ito? Kawalan ng karapatan sa malayang pagsasalita, pagbibigay-dangal sa masama at pagpatay sa mabuti. Kabaligtaran ito ng dapat mangyari sa isang bayan, di ba?

Ano naman ang pansariling suliraning nabanggit? Di ba, ang tungkol kay Laura? Dahil nakagapos at nag-iisa, sa kawalang pag-asa ay kung anu-ano na tuloy ang naiisip niya. Natatakot siya na baka nagtaksil na si Laura, at nasabi pa niyang nasa kagandahan ang paglililo.

May maibibigay ka bang solusyon? Paano malulutas ang mga suliraning ito? Alin sa mga sumusunod ang ipapayo mo sa baguntao?

- Pagdarasal na sana'y may dumating na saklolo
- Pagsigaw hanggang may dumating na saklolo
- Positibong pag-iisip na may darating na saklolo
- Matiyagang paghihintay sa pagdating ng saklolo

***c. Sariling paglalagom***

Ano ba ang lagom? Ito ay buod ng nilalaman ng tekso o kaya'y talakayan. Kapag gumawa ka ng lagom, iyon lamang mahahalagang puntos ang pipiliin mo at di mo isasama ang mga detalye. Kailangang maikli lamang ang lagom upang makita kaagad ang kabuuan ng nilalaman.

Nakatala sa ibaba ang ilang pangungusap. Piliin mo ang mga pangungusap na naglalagom.

(1) Nakagapos sa puno sa gitna ng gubat ang isang baguntao.
(2) Makisig ang baguntao, makinis ang kutis at kulay-ginto ang buhok.
(3) Ang punong kinagagapusan ng baguntao ay higera.
(4) Sa pagkakagapos, naghihinagpis sa pagkakagapos ang baguntao dahil sa kanyang bayan, kaliluha't sama ang naghahari.
(5) Ang mabuti ay ipinapapatay samantalang pinararangalan ang masama.
(6) Paghahangad sa yaman at kapangyarihan ang dahilan ng pagtataksil ni Konde Adolfo.
(7) Nanawagan sa Langit at kay Laura ang baguntaong nakagapos.

Aling mga pangungusap ang pinili mo upang makagawa ng paglalagom? Kung pinili mo ang (1), (4), (6) at (7), tama ka. Ang (2) at (3) ay nagbibigay-detalye sa (1); ang (5) ay nagbibigay-detalye sa (4).

***d. Sariling interpretasyon***

Posibleng magkaroon ng iba't ibang interpretasyon o pagpapakahulugan ang isang akdang pampanitikan batay sa panlasa ng mga mambabasa. Ikaw, kahit kabataang estudyante pa lamang, ay makabubuo na ng sariling interpretasyon ng iyong binasa. Tandaan mo lamang na ang iyong interpretasyon ay dapat ibatay sa mismong tekstong binasa mo. Hindi ka dapat lumayo rito.

Subukin mo ngang magbigay ng sarili mong interpretasyon ng S14. Basahin ang mga saknong at piliin ang interpretasyon mo.

**14** Sa loob at labas ng bayan kong sawi,
kaliluha'y siyang nangyayaring hari,
kagalinga't bait ay nalulugami,
ininis sa hukay ng dusa't pighati.

(a) Ang nagsasalita sa tula ay kumakatawan sa mga mamamayang Pilipino at ang inilalarawan niya ay ang mga kasamaang nagaganap sa Pilipinas noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Maaari ring iugnay sa kasalukuyang mga pangyayari ang mga kasamaang inilalarawan dito.

(b) Ang inilalarawan ng nagsasalita ay sarili niyang bayan kung saan naghahari ang kataksilan at kasamaan

(c) Magtala ka ng iba pa _________________________.

Alin ang pinili mo? Kung (a) ang pinili mo, ibig sabihi'y sinusuportahan mo ang maraming kritikong nagsasabi na ang ***Florante at Laura*** ay isang ***alegorya*** – na ang tagpuan, mga tauhan, at pangyayari ay pawang simbolo ng iba pang mga bagay.

Kung (b) ang pinili mo, tama pa rin ang interpretasyong ito, ngunit ibang antas nga lamang dahil hindi mo iniugnay ang akda sa mga bagay sa labas nito. Ibig sabihi'y sinuri mo ito ayon mismo sa estruktura at nilalaman nito nang di tiningnan ang mas malalim na pag-uugnay ng akda sa kaligiran nang sulatin ito at sa kaligiran ng kasalukuyang panahon.

Kung (c) naman ang pinili mo, maaaring may iba kang pagpapakahulugan. Kailangang itala mo ito sa iyong sagutang papel.

**Lagumin**

Malinaw na ba sa iyo kung paano susuriin ang mga pangyayari sa awit batay sa kaugnayan sa sariling karanasan, mga suliranin at solusyon, sariling paglalagom at sariling interpretasyon? Upang maging mas malinaw pa, narito ang mga pangunahing puntos ng sub-aralin.

1. Sinulat ni Balagtas ang kanyang obra halos dalawandaang taon na ang nakalilipas. Ngunit maaari pang magkatotoo sa kasalukuyan ang mga sitwasyong inilarawan niya sa kanyang awit. Maaari pa ring maganap sa karaniwang tao sa kasalukuyang panahon ang pagtaksilan o pagplanuhan ng masama, o maigapos, kundi man sa puno sa gitna ng gubat, ay sa mga sitwasyong mahirap malusutan.

2. Nakaharap sa dalawang malaking problema ang pangunahing tauhan sa awit – pangkaharian at pansarili. Sa mga suliraning ito, makapagbibigay ng mga solusyon ang isang estudyanteng tulad mo.

3. Ang lagom ay buod ng nilalaman ng texto o kaya'y talakayan. Maikli lamang ang lagom kaya iyon lamang mahahalagang puntos ang pinipili at hindi na isinasama ang mga detalye.

4. May iba't ibang interpretasyon o pagpapakahulugang mailalapat sa isang akdang pampanitikan batay sa panlasa ng mga mambabasa. Gayon man, hindi dapat lumayo sa mismong teksto ang alin mang interpretasyon.

Malinaw na ba sa iyo ang mga pangunahing puntos ng sub-araling ito? Kung gayon, handa ka na ba sa isang pagsubok?

**Subukin**

A. Isulat ang **T** kung ***tama*** ang isinasaad ng pangungusap at **M** naman kung ***mali***.

1. Sapagkat sinulat ang ***Florante at Laura*** may 200 taon na ang nakalilipas, hindi na maiuugnay sa kasalukuyan ang mga pangyayarang inilarawan dito.
2. Iisa lamang ang tama at tinatanggap na interpretasyon o pagpapakahulugan ng isang akdang pampanitikan.
3. Ang lagom ay maikli lamang sapagkat ito ay buod ng nilalaman.
4. Ang baguntaong nakagapos ay nakaharap sa suliraning pangkaharian at pansarili.
5. Si Konde Adolfo ang nagpakana kaya nakagapos sa gubat ang baguntao.
6. Ito'y dahil sa paghahangad ni Adolfo sa kapangyarihan at yaman.
7. Sa kaharian ng baguntao, pinapupurihan ang mga asal-hayop at ipinapapatay naman ang mga nagsasabi ng totoo.
8. Natatakot ang baguntao na bago naagaw na si Adolfo si Laura.
9. Tinanong ng baguntao ang langit kung bakit pinapayagang mangyari ang gayong kasamaan sa kahariang Albanya.
10. Sa abang kalagayan, tinawag ng baguntao ang kanyang ina.

B. Ang mga sitwasyon sa ibaba ay maaaring personal mong naranasan o kaya'y ng mga taong malapit sa iyo. Aling mga taludtod mula kay Balagtas ang mailalapat mo sa mga sitwasyong ito? Piliin ang sagot mula sa mga taludtod sa ibaba.

***Mga sitwasyon:***

a. Natukso ang tatay ni Percival na galawin ang pera ng opisinang pinapasukan niya. Ibig kasi niyang magkaroon ng yaman at kapangyarihan.

b. Naparusahan si Mirla ng kanyang ina dahil sa kasalanang hindi siya ang gumawa. Ayaw makinig ng kanyang ina sa kanyang mga paliwanag, kaya wala siyang nagawa kundi lumuha na lamang.

c. Natuklasan ni Vermillion na may mga estudyanteng nakapagpuslit ng mga test questions. Ibinulgar niya ito sa guro. Dahil dito, maraming kaklase ang nagalit sa kanya at halos ipagtabuyan siya ng mga dating kaibigan.

d. Matalino at may magandang asal si Monica. Ngunit kinaiinggitan siya ng mga kaklase, kaya siya pa ang laging sinisiraan ng mga ito sa kanilang guro, na kung minsan ay natatangay ng mga panunulsol ng mga mainggitin.

***Mga piling saknong/taludtod:***

(1) Ang magandang asal ay ipinupukol
sa laot ng dagat ng kutya't linggatong
balang magagaling ay ibinabaon
at inililibing na walang kabaong. (S15)

(2) santong katuwira'y lugami at hapo,
ang luha na lamang ang pinatutulo. (S17 T3-4)

(3) At ang balang bibig na binubukalan
ng sabing magaling at katotohanan,
agad binibiyak at sinisikangan
ng kalis ng lalong dustang kamatayan.(S18)

(4) Sa korona dahil ng Haring Linseo,
at sa kayamanan ng dukeng ama ko,
ang ipinangahas ng Konde Adolfo,
sabugan ng sama ang Albanyang reyno. (S20)

C. Kung gagawa ka ng lagom ng mga pangyayari sa unang bahagi ng ***Florante at Laura***, alin sa sumusunod na mga pangungusap ang pipiliin mo? Isulat sa sagutang papel ang bilang ng iyong sagot.

1. Nagsisimula ang awit sa isang madilim, gubat na mapanglaw.
2. Madawag ang gubat at di halos mapasok ng araw.
3. Gumagala sa gubat ang mga tigre, hyena at basilisko.
4. Mga punong higera at sipres ang makikita sa gubat na ito.
5. Nakagapos sa isang punong higera sa gitna ng gubat ang isang makisig na baguntao.
6. Gwapo ang baguntao, makinis ang mamula-mulang kutis at kulay-ginto ang buhok.
7. Naghihinagpis ang baguntao dahil sa kasamaang nagaganap sa kanyang bayan.

D. Batay sa mga napag-aralan mo sa modyul na ito, aling interpretasyon ng ***Florante at Laura*** ang pipiliin mo? Isulat sa iyong sagutang papel ang letra ng iyong sagot.

(a) Ang awit na ito ay isang alegorya; ang tauhan, tagpuan at mga pangyayari ay pawang simbolo o kumakatawan sa isang bagay o idea. Ang baguntaong nakagapos ay kumakatawan sa mga mamamayang Pilipino. Ang kaharian niya ay kumakatawan naman sa Pilipinas.

(b) Ang awit ay tungkol sa pag-iibigan nina Laura at ng baguntaong nakagapos sa gubat. Naghihinagpis ang baguntao sa simula ng awit ngunit malulutas ang problema at magiging masaya ang mga pangunahing tauhan.

(c) Iba pa. Itala mo sa sagutang papel kung may iba kang interpretasyon.

Tama kaya ang mga sagot mo? Tama kung ganito:

A.
| | |
|---|---|
| 1. M | 6. T |
| 2. M | 7. T |
| 3. T | 8. T |
| 4. T | 9. T |
| 5. T | 10. M |

B. a. (4) c. (3)
b. (2) d. (1)

C. 1, 5, 7

D. Kapwa tama at katanggap-tanggap ang (a) at (b). Magkaiba lamang ng antas ng interpretasyon. Kung (c) ang pinili mo, dapat ay isinulat mo ito sa iyong sagutang papel at tiniyak mo rin sa sarili na hindi ka lumihis sa texto.

Kung tamang lahat ang sagot mo, hindi mo na kailangang sagutan ang susunod na bahagi, ang ***Paunlarin***.

**Paunlarin**

A. Basahin ang mga saknong at sagutin ang mga tanong:

**21** Ang lahat ng ito, maawaing Langit,
iyong tinutungha'y ano't natitiis?
Mula ka ng buong katuwira't bait,
Pinapayagan mong ilubog ng lupit. (S21)

1. Ang nagsasalita sa saknong na ito ay nananawagan sa ________.
2. & 3. Ito raw ang pinagmumulan ng _____________ at ______.

**24** Datapuwa't sino ang tatarok kaya
sa mahal Mong lihim, Diyos na dakila?
Walang mangyayari sa balat ng lupa,
di may kagalingang iyong ninanasa. (S24)

4. Ang kinakausap ng nagsasalita sa saknong na ito ay _____.
5. Lahat daw ng nangyayari sa mundo ay ginusto ng _____.

**41** "Katiwala ako't ang iyong kariktan,
kapilas ng langit anaki'y matibay,
tapat ang puso mo't di nagunamgunam
na ang paglililo'y nasa kagandahan. (S41)

6. Ang kinakausap dito ay isang _____. (babae o lalaki?)
7. & 8. Isang salita sa T1 at isa pa uli sa T4 ang ***clue*** para patunayan ang pinili mong sagot sa **a**.

B. Nasa ibaba ang ilang sitwasyong maaaring maganap sa iyo o sa mga taong malapit sa iyo. Alin sa mga saknong sa itaas ang mailalapat mo sa bawat sitwasyon? Isulat sa sagutang papel ang bilang ng saknong.

a. Napakaganda ng girlfriend ni Echo. Dahil dito'y lagi siyang pinapayuhan ng kanyang ina na huwag lubusang magtiwala sa kasintahan. Baka raw siya'y pagtaksilan lamang nito.

b. Dumanas ng matinding kasawian ang 11 bansa sa Timog Asya at Africa na naapektuhan ng tsunami. Ngunit hindi pa rin nawawala ang pananalig ng marami sa Diyos, na lahat ng nangyayari ay ginusto Niya para sa kagalingan pa rin ng tao.

c. Dahil sa dinanas na kasawian, di napigilan ni Ella na magtanong sa Langit kung bakit pinapayagan ng Langit ang ganito.

***Mga sagot***:

| | | | |
|---|---|---|---|
| A. | 1. Langit | 2. & 3. katuwiran, bait | |
| | 4. Diyos | 5. Diyos | |
| | 6. babae | 7. kariktan | 8. kagandahan |
| B. | a.S41 | b. S24 | c. S21 |

## *Gaano ka na kahusay?*

A. Isulat ang **T** kung ***tama*** ang pangungusap at **M** naman kung ***mali***.

1. Ang awit ay mahabang tulang pasalaysay, may sukat at tugma, at ang mga pangyayari ay imposibleng maganap sa tunay na buhay.
2. Ang ***Florante at Laura*** ay itinuturing na pinakapopular na awit.
3. Ang awtor ng ***Florante at Laura*** ay si Francisco Balagtas.
4. Si Florante ang pangunahing tauhan sa akdang nabanggit sa Blg. 3.
5. Siya rin ang baguntaong nakagapos na binanggit sa pamagat ng modyul na ito.
6. Ang awit, halimbawa'y ang ***Florante at Laura***, ay sadyang para awitin sa mga tanging pagtitipon.
7. Maiuugnay pa rin sa kasalukuyang panahon ang mga pangyayaring isinalaysay ni Balagtas sa kanyang akda bagama't sinulat ito halos 200 taon na ang nakararaan.
8. Isang interpretasyon lamang ng akdang pampanitikan ang tama at tinatanggap.
9. Ang estruktura ng awit ay ang anyo o porma nito kaya ang tinutukoy ay ang bilang ng pantig sa bawat taludtod at bilang ng taludtod sa bawat saknong.
10. Dahil tulang pasalaysay, ang awit ay may tauhan, tagpuan at banghay.
11. Laging masaya ang simula ng awit at malungkot naman ang wakas.
12. Ang pangunahing tauhan sa ***Florante at Laura*** ay isang Pilipino.
13. Ang kanyang buhok ay kulay-ginto.
14. Ang akda ni Balagtas ay inihandog niya sa Birhen.
15. Noong panahon ni Balagtas, may mga prayleng sensor na naghihigpit sa uri ng panitikang sinusulat at binabasa ng mga tao.

16. Walang kalayaan sa pagsasalita nang panahong iyon, lalo na kung kontra sa mga Kastila.
17. Ang gubat na inilarawan sa ***Florante at Laura*** ay likha lamang ng imahinasyon ng makata.
18. Sa tagpuang ito, pinagsama ng makata ang mga bagay na bunga ng imahinasyon niya at ang mga tauhan at lugar mula sa mitolohiyang Griyego.
19. Hindi kronolohikal ang pagsasalaysay sa isang awit, o di ayon sa kung alin ang unang naganap.
20. Ang ***Florante at Laura*** ay nagsisimula sa puntong masaya at matagumpay ang pangunahing tauhan.

B. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot sa mga tanong.

1. Ilang pantig ang bumubuo sa bawat taludtod ng ***Florante at Laura***?
   a. 8 b. 12 c. 16
2. Ilang taludtod o linya ng tula ang bumubuo sa bawat saknong ng ***Florante at Laura***?
   a. 4 b. 6 c. 3
3. Aling mga taludtod ang magkakatugma sa bawat saknong ng ***Florante at Laura***?
   a. una at pangatlong taludtod b. lahat ng apat na taludtod
   c. una at huling taludtod
4. Sa taludtod na may 12, karaniwang may cesura o sandaling tigil sa:
   a. ika-6 at ika-12 pantig b. ika-5 at ika-11 pantig c. ika-4 at ika-12 pantig

5 Aling dalawang salita sa ibaba ang magkatugma?
   a. dusa b. dalita c. dakila

6. Paano binibigkas ang mga letra noong panahon ni Balagtas?
   a. pa-Kastila b. pa-Ingles c. pa-Tagalog
7. Paano binibigkas noong panahon ni Balagtas ang inisyal ng makata na ***F. B***.?
   a. /efe-be-e/ b. /ef-bi/ c. fa-ba
8. Ang salitang ***baguntao*** ay nangangahulugang
   a. binata b. dalaga c. balo
9. May hiling ang makata sa kanyang mga mambabasa at ito ay:
   a. huwag baguhin ang berso b. huwag tawanan ang tula
   c. huwag pakamahalin ang tula
10. Sa pagsisimula ng tula, ang inilarawang tagpuan ay lumikha ng atmospera ng
    a. lungkot b. ligaya c. away
11. Sa unang taludtod ay binanggit ang dalawang salitang naglalarawan ng gubat. Ang mga salitang ito ay ***madilim*** at
    a. mapanglaw b. makasaysayan c. mapanganib
12. Ang ***Florante at Laura*** ay inihandog ng makata kay:
    a. Delia b. Nelia c. Celia
13. Ang inisyal ng babaeng pinaghandugan ni Balagtas ay:
    a. M.A. R. b. M. A. D. c. M. A. T.
14. Ang pag-iibigan ng makata at ng dalagang ito ay nauwi sa:
    a. kasalan b. paghihiwalay c. tampuhan
15. Dahil sa sinapit ng kanilang pag-iibigan, ang makata ay natutong:
    a. tumula b. maglasing c. mang-away

C. Mahalaga sa tamang bigkas at pagpapakahulugan ang cesura o sandaling tigil. Basahin ang mga piling taludtod sa ibaba at piliin kung alin sa (a) o (b) ang may tamang cesura o sandaling tigil:

**S55 T1-2**

a. Halina, Laura ko't/ aking kailangan/
ngayon, ang lingap mo/ nang naunang araw//

b. Halina, Laura ko't/ aking kailangan
ngayon/, ang lingap mo/ nang naunang araw//

**S65 T1-2**

a. Ito'y siyang una/ sa lahat ng hirap,/
pagdaya ni Laura/ ang kumakamandag/

b. Ito'y siyang una/ sa lahat ng hirap,
pagdaya ni Laura/ ang kumakamandag/

**S75 T3-4**

a. na nakikitono/ sa himig mapanglaw/
ng panggabing ibong/ doo'y nagtatahan.//

b. na nakikitono sa/ himig mapanglaw
ng panggabing ibong/ doo'y nagtatahan.//

D. Sang-ayon ka o di sang-ayon? Isulat sa iyong sagutang papel ang bilang ng iyong sagot. Nasa ibaba ang katumbas ng mga bilang:

*1. Hinding-hindi sang-ayon*
*2. Hindi sang-ayon*
*3. Di tiyak*
*4. Sang-ayon*
*5. Lubos na sang-ayon*

a. Nakagaganda sa tula ang sukat at tugma.
b. Angkop sa isang akda ang malungkot na simula na may masayang wakas.
c. Nakawiwiling basahin ang di kronolohikal na salaysay.
d. Higit na nakaaakit ang mga tauhang prinsipe at prinsesa kaysa mga karaniwang tao.
e. Kaakit-akit sa mambabasa ang tagpuang likha lamang ng imahinasyon.
f. Tama lamang na hilingin ng makata na huwag baguhin ang kanyang berso.
g. Kawili-wiling basahin ang salaysay na nagpapakitang nakaharap sa problema ang pangunahing tauhan.

E. Basahin ang mga piling saknong sa ibaba. Sagutin ang mga tanong.

(a) "Halina, irog ko't ang damit ko'y tingnan,
ang hindi mo ibig dapyuhang kalawang;
kalagin ang lubid at iyong bihisan,
matinding dusa ko'y nang gumaan-gaan. (S58)

1. Ang di ibig dapyuhan ng kalawang ay ____
   a. damit    b. irog    c. lubid
2. Gagaan-gaan daw ang dusa kung
   a. kakalagin ang lubid    c.aalisin ang kalawang sa damit
   b. titingnan ang damit

(b) "Ang mga mata mo'y kung iyong ititig
dini sa anyo kong sakdalan ng sakit,
upanding mapigil ang takbong mabilis
niring abang buhay sa ikapapatid."(S59)

3. Ang hinihingi ng nagsasalita ay _____
   a. titig ng kinakausap    b. ikapapatid ng buhay niya
   c. pigilin ang pagtakbo
4. Kapag natitigan siya ng kinakausap, mapipigil ang ____
   a. ikapapatid ng buhay    b. takbo ng buhay
   c. sakit ng katawan

F. Maiuugnay pa kaya sa kasalukuyan ang mga pangyayaring inilarawan niBalagtas? Piliin ang mga saknong sa ibaba na mailalapat sa mga sitwasyong ito. Isulat sa sagutang papel ang letra ng sitwasyon at ang bilang ng saknong.

***Mga sitwasyon***

a. Nangungulila si Cynthia sa ina niyang nasa ibang bansa. Nang magkasakit siya, pakiramdam niya'y mamamatay na siya at ang pagdating lamang ng ina niya ang makapagpapagaling sa kanya.

b. Pinagsasamantalahan ng mga panginoong maylupa ang mga kasama sa bukid. Naghahari sa asyenda ang kasamaan ng mga maysalapi. Wala nang magawa ang mga magbubukid kundi magtiis at magdasal.

c. Natukso si Daniel na mandaya sa eksamen upang siya ang makakuha ng pinakamataas na marka. Nagkamit siya ng medalya nang tanghaling pinakamahusay sa klase. Ngunit naglaho ang lahat nang matuklasan ang pandaraya niya.

d. Dinasalan na ni Piolo ang lahat ng santo mapaibig lamang ang kaklase niyang si Myla. Ngunit waring bingi ang langit sa kanyang mga panalangin at ang pinapaboran pa ay ang karibal niya.

***Mga saknong***

S13 “Mahiganting langit, bangis mo’y nasaan,
ngayo’y naniniig sa pagkagulaylay,
bago’y ang bandila ng lalong kasam-an,
sa Reynong Albanya’y iwinawagayway.

S19 O taksil na pita sa yama’t mataas!
O hangad sa puring hanging lumilipas!
Ikaw ang dahilan ng kasam-ang lahat,
at niring nasapit na kahabag-habag. (S19)

S23 “Bakit kalangita’y bingi ka sa akin
ang tapat kong luhog ay hindi mo dinggin?
Diyata’t sa isang alipusta’t iring
sampong tainga mo’y ipinangunguling?(S23)

S60 “Wala na, Laura, ikaw na nga lamang
ang makalulunas niring kahirapan;
damhin ng kamay mo ang aking katawan
at bangkay man ako’y muling mabubuhay!” (S60)